volunteering australia

PANG-IMPORMASYONG PAHINA - Tagalog

Mga Karapatan ng Boluntaryo at Listahan ng Boluntaryo

Di-katulad sa isang bayarang kawani, ang mga boluntaryo ay hindi sakop ng mga pabuya o mga kasunduan sa trabaho. Subali't ang mga boluntaryo ay may mga karapatan, ang ilan dito ay nakalakip sa batas at may ilan na maaaring sabihing nasa mga moral na katungkulan ng isang organisasyong may kinalaman sa mga boluntaryo. Ang "Volunteering Australia" ay nagtataguyod sa sumusunod na mga batayang karapatan ng isang boluntaryo.

Bilang isang boluntaryo, may karapatan kang:

- magtrabaho sa isang malusog at ligtas na kapaligiran(sumangguni sa iba'-ibang Batas(mga) ng Malusog at Ligtas na Pagtatrabaho (Occupational Health and Safety Act[s]);
- makapanayam at makapagtrabaho ayon sa batas ng pantay-pantay na pagkakataon at walang diskriminasyon;
- may sapat na proteksyon sa pamamagitan ng paseguro;
- mabigyan ng tama at tapat na impormasyon tungkol sa organisasyong iyong pinagtatrabahuhan;
- bayaran sa mga inabonohang mga gastos;
- mabigyan ng kopya ng polisiya ng organisasyon tungkol sa boluntaryo at iba pang polisiya na makakaapekto sa iyong trabaho;
- hindi ipapalit sa pwesto ng dating hawak ng isang bayarang trabahador;
- hindi gagawa ng trabaho ng bayarang kawani sa panahon ng mga kilos-pagtatalo na pang-industriya;
- magkaroon ng kapaliwanagan sa uri ng trabaho at pinagkasunduang oras;
- makagamit sa paraan ng pagrereklamo;
- mapagkalooban ng pagkasanay sa bagong lugar tungkol sa organisasyon;
- asikasuhin ang iyong kumpidensyal at personal na impormasyon sang-ayon sa mga pamamaraan ng Batas sa Pagkapribado 1988 (Privacy Act 1988); at
- mabigyan ng sapat na pagsasanay upang magampanan mo ang iyong trabaho.

Suriin na:

- Ang organisasyon ay hindi para kumita ng pera;
- Ang pakay ng organisasyon ay nababagay sa iyong pansariling mga pinahahalagahan at pinaniniwalaan;
- Ang organisasyon ay may paseguruhang sakop ang mga boluntaryo;
- Ang iyong ginagampanang papel ay malinaw at natitiyak;
- Ang organisasyon ay makapagbibigay sa iyo ng isinulat na impormasyon tungkol sa kanilang pakay at pagkilos; at
- Ikaw ay nasisiyahan na ang mga pondo ng organisasyon ay ginagastos ng sang-ayon sa kanilang misyon.

Volunteering Australia
Suite 2, Level 3
11 Queens Road
Melbourne Victoria 3004
Australia

P: +61 (0)3 9820 4100
F: +61 (0)3 9820 1206
E: volaus@volunteeringaustralia.org
W: www.volunteeringaustralia.org

ARBN: 062 806 464
© 2009 Volunteering Australia